

## IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

### Nagpatuloy ang pagbagsak ng pagmamanupaktura noong Mayo

#### Mga pangunahing nalaman

Tumaas ang headline na PMI mula sa naitalang pinakamababa pero nananatili pa rin ito sa yugto ng contraction

Higit pang mabibilis na pagbagsak ng output at mga bagong order

Nagpatuloy ang pagbagsak ng bilang ng trabaho sa gitna ng mga senyales ng sobra-sobrang kapasidad

Kinolekta ang data noong Mayo 12-22, 2020.

Nagpatuloy noong Mayo ang pagbagsak sa sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN dulot ng pandemya ng coronavirus disease 2019 (COVID-19), ayon sa pinakabagong data ng Purchasing Managers' Index (PMI™) ng IHS Markit. Bumaba ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa ikatlong magkakasunod na buwan, sa gitna ng mga higit pang mabilis na contraction sa parehong output at mga bagong order.

Nakapagtala ang headline na PMI ng 35.5 noong Mayo, na mas mataas sa nadir noong Abril na 30.7, pero nagpakita ito ng tatlong magkakasunod na pagbagsak ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura. Ang headline na figure ang ikalawang pinakamababang naitala mula noong nagsimula ang serye noong Hulyo 2012. Patuloy na bumagsak ang produksyon sa pabrika at mga volume ng order book, bagama't mas mahina ito kaysa sa mga rate noong Abril dahil niluwagan ang ilang paghihigpit sa lockdown. Nakabawi ang mga inaasahan ng mga kumpanya sa output mula sa naitalang pinakamababa noong Abril, pero nanatili itong isa sa mga pinakamahirang naitala.


Sa ikatlong magkakasunod na buwan, ang bawat isa sa mga pitong kasaping bansa ay nakapagrehistro ng pagbagsak ng mga kundisyon sa pagpapatakbo noong Mayo. Pinakamatinding naapektuhan ang Singapore, at ito lang ang bansang nakaranas ng pagtindi ng pagbagsak. Ang headline na figure (26.4) ay indikasyon ng matinding pagbagsak ng kalagayan ng sektor at ito ang pinakamababa sa serye sa loob ng halos walong taon. Nakapag-ulat ang mga nagmamanupaktura sa Indonesia ng katulad na pagbagsak, kung saan ang headline na index (28.6) ang ikalawang pinakamababang naitala.

Nagpakita ang mga nagmamanupaktura sa Myanmar ng higit na malalang contraction, sa kabila ng pagtaas ng headline na figure (38.9) mula sa pinakamababa sa kasaysayan noong Abril. Samantala, nakapagtala ang Pilipinas ng pagbagsak sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa ikatlong magkakasunod na buwan, bagama't ipinahiwatig ng headline na index (40.1) ang pinakamabagal na pagbagsak sa panahong ito. Ang headline na figure ng Thailand ay nagpakita rin ng pagbagal sa rate ng pagbagsak, bagama't sa 41.6, isa ito sa pinakamababa mula noong nagsimula ang pangongolekta ng data sa huling bahagi ng 2015.

*ipinagpatuloy...*

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

#### Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

*"Nanatiling mahina ang performance ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Mayo, kung saan bumagsak ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa ikalawang pinakamabilis na rate mula noong nagsimula ang serye noong Hulyo 2012 habang patuloy na nagkaroon ng negatibong epekto sa sektor ang pandemya ng COVID-19.*

*"Ipinakita ng data noong Mayo ang higit pang mabilis na contraction sa output at mga bagong order. Bagama't hindi kasing tindi ang mga rate ng pagbagsak sa naranasan noong Abril dahil sa mabagal na muling pagbubukas ng mga ekonomiya, nanatili naman ang mga itong makasaysayan.*

*"Samantala, patuloy na nagkaroon ng malalaking pagbabawas ng trabaho noong Mayo dail nanatiling mahina ang demand ng kliyente. Ang mga inaasahan ng mga kumpanya patungkol sa output ay gumanda mula sa nadir noong Abril, pero bahagya lang.*

*"Kapansin-pansing ang bawat isa sa mga sa pitong sinusubaybayang bansa ay nanatiling nasasadlak sa pagbagsak para sa ikatlong sunod na buwan noong Mayo, na nakapaglantalang ng napakalaking epekto ng pandemya sa sektor. Bagama't mukhang ipinapahiwatig ng data na naabot na ng pagbagsak ang pinakamababang punto noong Abril, malayo pa ang tatahakin ng mga nagmamanupaktura sa ASEAN bago makabawi."*

Sa Vietnam naman, nakapagtala ng higit pang contraction, bagama't sa mas mabagal na rate, kung saan tumaas ang headline na index sa 42.7. Panghuli, nakapagtala ang Malaysia ng pinakamabagal na pagbagsak sa pitong sinusubaybayang bansa noong Mayo. Kaugnay nito, ang headline na figure (45.6) ay indikasyon ng matinding pagbagsak sa mga kondisyon sa pagpapatakbo.

Sa kabuuan, nanatiling mapanghamon ang mga kondisyon sa pagpapatakbo sa sektor ng pagmamamupaktura sa ASEAN noong Mayo. Patuloy na bumagsak ang output at mga bagong order, gayundin ang demand sa ibang bansa para sa mga produkto ng ASEAN, bagama't sa lahat ng sitwasyon, bahagyang bumagal ang pagbawas ng mga rate mula noong Abril dahil niluwagan ang mga paghihigpit sa quarantine at mas dumami ang mga pabrikang nagbukas nang muli.

Kaugnay ng mga mahihinang kondisyon ng demand, nagbawas ulit ang mga kumpanya ng mga empleyado noong Mayo, kung saan ang rate ng pag-aalis sa trabaho ang ikalawang pinakamabilis sa loob ng halos walong taon ng pangongolekta ng data. Kasabay nito, nanatiling mahina ang 12 buwang outlook para sa output, kung saan ang antas ng positibong pananaw ay bahagyang mas mataas lang sa pinakamababang naitalang outlook noong Abril.


Samantala, lalo pang bumagsak ang aktibidad sa pagbili, kung saan isa ang pagbagsak sa mga pinakamabilis na naitala. Dahil dito, bumagsak ang mga imbentaryo ng pre-production sa ikalawang pinakamabilis na rate sa kasaysayan ng serye (pagkatapos ng Abril 2020). Labis na bumagsak din ang mga holding ng mga natapos na produkto, na sumasalamin sa pag-aalangan ng mga kumpanyang magtabi ng mga imbentaryo. Gayunpaman, nagpatuloy ang mga pagkaantala sa daloy ng supply dahil sa nalalabing epekto ng pandemya, kung saan tumagal ang mga lead time sa isa sa mga pinakamatagal na naitala.

Sa usapin ng presyo, bahagyang tumaas lang ang mga pasaning gastos noong Mayo, kung saan walang nagbago sa rate ng inflation noong Abril. Kasabay nito, hindi nagbago sa pangkalahatan ang mga average na presyo ng pagbebenta kasunod ng tatlong magkakasunod na buwang pagbaba.

### Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas  
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

## Makipag-ugnayan

Lewis Cooper  
Economist  
IHS Markit  
Telepono: +44 1491 461 019  
[lewis.cooper@ihsmarkit.com](mailto:lewis.cooper@ihsmarkit.com)

Bernard Aw  
Principal Economist  
IHS Markit  
Telepono: +65 6922 4226  
[bernard.aw@ihsmarkit.com](mailto:bernard.aw@ihsmarkit.com)

Katherine Smith  
Public Relations  
IHS Markit  
Telepono: +1 781 301 9311  
[katherine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katherine.smith@ihsmarkit.com)

### Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Mayo 2020 ay nakolekta noong 12-22 Mayo 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [katherine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katherine.smith@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indikator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa [ihsmarkit.com/products/pmi.html](https://ihsmarkit.com/products/pmi.html).